



Australian Government

AUSTRAC

Papel-Pangkaalaman

Pagrehistro sa AUSTRAC - mga negosyong nagbibigay ng mga serbisyo sa paglilipat ng pera (money transfer)

Kung nagpapatakbo ka ng isang negosyong tumutulong sa mga kostumer na magpadala ng pera sa isang tao sa ibang lugar, tulad ng pagpapadala ng pera sa mga kapamilya at mga kaibigan sa ibang bansa, malamang na ikaw ay nagbibigay ng serbisyong pagpapadala ng pera (money transfer service), na kilala rin bilang serbisyong remittance.

Sino ang kailangang magrehistro?

Ang mga negosyong nagbibigay ng serbisyong remittance ay **dapat magrehistro sa AUSTRAC**, isang ahensya ng Pamahalaan ng Australya. Ang AUSTRAC ay tumutulong na protektahan ang sistema ng pananalapi sa Australya laban sa kriminal na pang-aabuso at ginagampanan nito ang mahalagang papel sa pagpapanatili ng kaligtasan ng komunidad laban sa mga banta sa ating pambansang seguridad, kabilang na ang terorismo.

May mabibigat na parusa, kabilang ang posibleng pagkabilanggo, para sa mga taong nagbibigay ng serbisyo nang hindi nakarehistro.

Kahit na ikaw ay paminsan-minsan lamang nagbibigay ng mga serbisyong ito bilang bahagi ng iyong negosyo, kailangan mo pa ring magrehistro.

Kung hindi ka sigurado kung kailangan mong magrehistro, maaari mo itong alamin sa pamamagitan ng pagbisita sa austrac.gov.au/start

Ang mga institusyon ng pananalapi na tulad ng mga bangko o credit union ay hindi kailangang magrehistro.

Bakit kailangan mong magrehistro

Ang mga tagapagbigay (provider) ng serbisyong remittance ay maaaring targetin ng mga kriminal upang itago at ilipat ang maruming pera (dirty money) sa pamamagitan ng mga sistema ng pananalapi upang magmukha itong lehitimo. Ang maruming pera ay kadalasang mga perang nalikom mula sa malalalang krimen tulad ng pangangalakal ng tao at sapilitang paggawa (forced labour), pagsasamantala ng bata, ilegal na pagbenta ng armas, pangangalakal ng droga, hindi pagbabayad ng buwis, mga panloloko sa email at telepono at iba pang uri ng panloloko.

Ang mga di-rehistradong negosyo ng remittance ay lubhang nanganganib mapagsamantalahan ng mga kriminal dahil wala silang nakatalagang mahusay na pamamahala sa peligro at sistema ng pag-uulat. Mataas din ang panganib na magamit sila upang magpadala ng pera sa mga terorista.

Ang pagrehistro ay nangangahulugan na maibabahagi sa iyo ng AUSTRAC ang impormasyon upang tulungan kang tumupad sa iyong mga legal na obligasyon. Ang impormasyong ito ay tutulong sa iyo na mabawasan nang husto ang panganib na mapagsamantalahan ang iyong negosyo ng mga kriminal at mga terorista. Ang pagrehistro ay tumutulong din sa AUSTRAC na matutukan nang mas mabuti ang mga di-rehistradong negosyo na gumagawa ng mali. Tumutulong ka na alagaan ang reputasyon ng iyong negosyo at sektor ng pagpapadala ng pera, at bawasan ang panganib na isara ng bangko ang account (de-banking) para sa mga negosyo na nagbibigay ng mga serbisyong remittance.

Ano ang susunod mong dapat gawin

Kung nagbibigay ka ng mga serbisyong remittance nang hindi nakarehistro, ihinto ito ngayon at magrehistro sa AUSTRAC.

MAHALAGA

Mas mabuting lumapit sa AUSTRAC nang kusang-loob upang magrehistro sa halip na madiskubre pa ng AUSTRAC na nagbibigay ka ng mga serbisyong pagpapadala nang hindi nakarehistro.

Sa sandaling ikaw ay narehistro na sa AUSTRAC bilang isang tagapagbigay ng serbisyong remittance, ikaw ay ililista sa Rehistro ng Sektor ng Pagpapadala ng AUSTRAC (Remittance Sector Register).

Maaari mong malaman kung sino ang nakarehistro sa pamamagitan ng paghanap nito sa Rehistro ng Sektor ng Pagpapadala (Remittance Sector Register) - austrac.gov.au/remittanceregister

Paano magrehistro

Upang maging isang rehistradong tagapagbigay ng serbisyong pagpapadala, kailangan mong punan ang isang pormularyo ng aplikasyon na tinatawag na *Pormularyo ng Profile ng Negosyo ng AUSTRAC (AUSTRAC Business Profile Form)* na makukuha sa www.austrac.gov.au/registernow. Pagkatapos ay susuriin namin ang impormasyong ito upang matukoy kung maaari kang ilista at irehistro sa AUSTRAC.

Ang *Gabay na Nagpapaliwanag sa Pormularyo ng Profile ng Negosyo ng AUSTRAC* [AUSTRAC Business Profile Form \(ABPF\) Explanatory Guide](#) sa aming website ay magbibigay sa iyo ng hakbang-hakbang na mga tagubilin sa Ingles sa kung paano pupunan ang pormularyo.

Maaari ka lamang magsimulang magbigay ng serbisyong remittance sa sandaling ang iyong pagpapalista at pagrehistro ay na-aprubahan na ng AUSTRAC, at ikaw ay nagpatupad ng programa laban sa paglilinis ng maruming pera (money laundering) at laban sa pagpopondo ng terorismo (AML / CTF).

Kapag ikaw ay nakarehistro na, kailangan mong

1. isumbong ang ilang mga transaksyon at kahina-hinalang mga bagay sa AUSTRAC
2. bumuo ng isang plano na nagtatakda kung paano tutugunan ng iyong negosyong pagpapadala ng pera ang obligasyon nito sa pagsunod (compliance obligations), kabilang ang pagkilala, paghahanda at pamamahala ng mga panganib na may kaugnayan sa money laundering at pagpopondo ng terorismo
3. magtabi ng mga ulat at magsumite sa AUSTRAC ng isang ulat kung paano ka tumutugon sa iyong mga obligasyon sa pagsunod
4. ipagbigay-alam sa AUSTRAC ang mga makabuluhang pagbabago sa iyong negosyong pagpapadala ng pera.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa dapat mong gawin, bisitahin ang austrac.gov.au/obligations

MAHALAGA

Maaari kang makatulong sa pagpapanatiling ligtas ang mga komunidad sa pamamagitan ng pagsumbong sa AUSTRAC ng mga pinaghihinalaang di-rehistradong mga negosyong remittance. Para makapagsumbong nang hindi nakikilala, bisitahin ang austrac.gov.au/report

Ang mga Indibidwal at mga negosyo na nagbibigay ng di-rehistradong mga serbisyong pagpapadala ay maaaring parusahan ng hanggang sa pitong taong pagkabilanggo o pagmultahin ng hanggang \$420,000 o pareho.

Karagdagang inpormasyon

Para malaman ang higit pa tungkol sa pagrehistro sa AUSTRAC maaari mong

- bisitahin ang www.austrac.gov.au/registernow para sa mas detalyadong impormasyon sa wikang Ingles
- tumawag sa 1300 021 037 (may bayad ng lokal na tawag sa Australia)
- mag-email sa contact@austrac.gov.au

Kung kailangan mo ng interpreter, maaari kang tumawag sa TIS National sa 131 450 at hilingin ang 'AUSTRAC' sa 1300 021 037.